# NETHALIE JANE E. ROJAS

Nagsimulang magsulat si Nethalie Jane E. Rojas ng mga tula noong siya'y hayskul pa lamang. Napukaw ang interes niya sa pagsusulat sa sariling wika–ang Bikol Catanduanes nang sumali siya sa SurTe, isang organisasyon ng mga manunulat sa isla. Siya'y tubong Catanduanes at kasalukuyang nasa unang antas ng kolehiyo sa kursong Batsilyer ng Agham sa Arkitektura sa Unibersidad ng Bicol.

# DIANE MONIC T. ALBERTO

Si Diane Monic T. Alberto ay isang kolehiyala mula sa isla ng Catanduanes. Ipinanganak siya noong Disyembre 18, 2001 sa Virac, Catanduanes. Siya ay kasalukuyang nasa unang taon sa kolehiyo na tinatahak ang kursong Bachelor of Secondary Education Major in English sa Catanduanes State University.

# KULUKURTINA

Dipisil maghanap nin nawawala sa rawit-dawit.
Dae mo alam kun ano an makukua mo, mababarikan,
magigilumduman utro

sa puon, sa tahaw, hanggang pinakadulo.

Arog baga sa parehong paghiling
sa atubangan, kun sain abot na ang mga pilok

pero dae pa nanggad nahihiling.

Mamati sana an lanit pag napuring na nin sadiling pilok;
sa pinakamarahan na agi nin hangin,
sa pagkuskos nin mga mata.

Igwang yatago an rawit-dawit.
Gapahanap sa likod nin mga pilok mo.

# TABING

*salin sa Filipino*

Mahirap maghanap ng nawawala sa tula.
Hindi mo alam kung ano ang iyong makikita,
mababalikan,
maalala muli

sa simula, sa gitna, hanggang pinakadulo.

Tulad ng pagsulyap sa hinaharap, kung saan abot ang
pilik-mata

pero hindi pa rin ito kita.

Mararamdaman na lang ang hapdi pag napuwing ng
sariling pilik-mata;
sa pagkabanayad na haplos ng
hangin, sa pagkusot ng mga mata.

Mayroong tinatago ang tula.
Nagpapahanap sa likod ng mga pilik-mata mo.